

19

Lungsod ng Tacoma

Dalawang-taong Badyet

2019 - 2020

20

Bagong Prayoridad na Paggasta

Abot-kayang Pabahay

Kabilang ang:

- Ipinagkakatiwalang Pondo ng Abot-kayang Pabahay **\$1.2M**
- Mga tauhan upang ipatupad ang Estratehiya sa Aksyon para sa Abot-kayang Pabahay **\$380K**

Kawalan ng Bahay

Kabilang ang:

- Sentrong Tirahan sa Krisis ng Kabataan **\$800K**
- Programang Tulong sa Paglipat ng Umuupa **\$200K**

Kaligtasan ng Publiko

Kabilang ang:

- 2 bagong trak ng bumbero at 70 bagong Sasakyan sa Pagpatrolya ng Pulis **\$7.2M**
- 5 karagdagang Opisyal ng Pulisya **\$1M**
- Proyektong "PEACE" **\$500K**

Pagpapaunlad na Pangkabuhayan

Kabilang ang:

- Pinahusay na mga Antas ng Serbisyo sa Pagbibigay ng Permisyo **\$1.8M**
- Programang Luntiang Gusali **\$235K**

Digital na Katarungan

Kabilang ang:

- Mga Pagpapahusay ng Computer ng Aklatan **\$1.5M**
- Pamublikong Wi-Fi sa kahabaan ng "Hilltop" trambya **\$400K**

Ang mga miyembro ng Komunidad ay hinihimok na lumahok at ibahagi at kanilang komento tungkol sa badyet sa mga sumusunod na pulong ng Konseho ng Lungsod:

- Magkakaroon ng isang pampublikong pagdinig sa Ika-30 ng Oktubre
- Magkakaroon ng ikalawang pampublikong pagdinig sa Ika-6 ng Nobyembre.
- Ang Pinal na Badyet ay ihararap sa Ika-13 Nobyembre
- Ang Pinal na Badyet ay pagtitibayin sa Ika-20 ng Nobyembre

Lahat ng pulong ay ginaganap sa 5 PM sa Silid ng Konseho sa 747 Market Street.

Para sa impormasyon sa lungsod sa anumang wika o upang humiling ng libreng interpreter para sa anumang pulong ng Lungsod ng Tacoma, mangyaring tumawag sa 253-591-5000.

Daan sa Pamahalaan ng Lungsod

Kabilang ang:

- Pag-uugnay ng Paggamit ng Wika at Paglahok **\$200K**
- Pakikipag-uugnayan sa konseho ng lungsod **\$53K**

Panrehiyong Pag-uugnay

Kabilang ang:

- Bagong parke sa daan ng tubig na "Thea Foss" **\$750K**
- Kumpletuhin ang Ruta ng Estado 167 sa lugar ng port **\$500K**

Akses sa Pampublikong Sasakyan

Kabilang ang:

- Pahusayin ang mga ilaw trapiko at mga tanda sa abenida ng "Pacific", 6th Street, at South 19th Street para sa mas mabilis na oras ng bus at kaligtasan sa trapiko. **\$1.5M**

Kaligtasan sa Paglalakad at Pagbibisikleta

Kabilang ang:

- Mga Ligtas na Ruta sa mga pagpapahusay ng Paaralan **\$1.7M**
- Mga bagong bangketa sa "Sheridan" at East 56th Street. **\$1.5M**

19


Lungsod ng Tacoma

Dalawang-taong Badyet

20

2019 - 2020

Tungkol sa Iminumungkahing Badyet



Bawat dalawang taon, ang Lungsod ng Tacoma ay bumubuo ng badyet nito. Ang Dalawang-taong Badyet na iminumukahi para sa 2019-2020 ay \$3.5 Bilyon. Kabilang dito ang mga kuwenta para sa mga serbisyo, tulad ng tubig, kuryente, at solidong basura - gayon din ang Pangkalahatang Pondo.

Ang Pangkalahatang Pondo ay 15% lamang o \$514.6 Milyon ng kabuuang iminumungkahing badyet ng Lungsod at sumusuporta sa karamihan ng mga serbisyong tradisyunal na ipinagkakaloob ng mga lungsod, tulad ng mga serbisyo ng pulis at bumbero, mga aklatan, at pagpapanatili ng kalye.

Ang Narinig na Namin


Nangungunang 5 Natukoy na Prayoridad ng Komunidad

1. Kawalan ng Bahay
2. Abot-kayang Pabahay
3. Kaligtasan ng Publiko
4. Akses sa Pampublikong Sasakyan
5. Pagpapaunlad na Pangkabuhayan

Ang Pagpapalano para sa Dalawang-taong Badyet ng 2019-2020 ay batay sa mga hangaring itinakda ng komunidad sa Tacoma 2025 at sa siyam na prayoridad na ipinapakita sa kabilang panig ng pahinang ito.

Ang mga miyembro ng komunidad ay inimitahang ibahagi ang kanilang mga prayoridad at komento sa Konseho, sa Tagapamahala ng Lungsod, at mga tauhan sa iba't ibang mga ginaganap sa buong lungsod at sa pamamagitan ng mga survey sa komunidad.

Paglahok sa Badyet



Upang lumahok sa survey ng prayoridad ng komunidad, mangyaring bisitahin ang "budget.cityoftacoma.org"